Bawat isang Linggo sa kulungan, may mga kwento tungkol sa mga panalanging sinagot – katulad nito:

Marso 23, 2012 : Isang kasama ang humiling ng panalangin para sa kanyang nakakatandang kapatid sa Africa. Ang kapatid niya ay “nasa bingit na ng kamatayan.” Maraming kasamahan sa loob ng bilangguan ang nanalangin para sa kanyang nakakatandang kapatid. Makalipas ng isang Linggo, nakatanggap siya ng balita : “ang kapatid niya ay magaling na at maayos na ngayon.” Ang kasama ko ay nagpasalamat na may karaniwang salita : “GOD IS GOOD!”

Si Hesus na nagpagaling ng mga tao noong unang panahon, alam Niya ang pangalan at karamdaman ng bawat maysakit sa mundo ngayon. Ang mapagpagaling na pag-ibig ni Hesus ay madaling makamtan ngayon tulad noong unang panahon. Ang mapagpagaling na pag-ibig ni Hesus ay katulad ng mapagpalang website na sinuman ay makakapasok, sa bahay man o ospital o kahit saan. Pagpasok sa website na ito ay kailangan lamang ng simpleng panalangin: “Hesus, tulungan N’yo ako. Hesus, pagalingin N’yo ako.”

Lahat ng libreta na ito, karagdagang salaysay at kaalaman tungkol sa pagpapagaling, ay matatagpuan sa www.doctorjesus.org.
Kung nais mong maglagay ng salaysay tungkol sa pagpapagaling sa www.doctorjesus.org, pakipadala na lang ang iyong salaysay sa jdwomi@gmail.com